Pangalan: Rondatu M. Guro Level 1 – Batch 2
Paksa ng Khutbah: Ang Qur-an ay Gabay para sa mga may Takot kay Allah
Sinuri at Iniwasto ni: Shaykh Haron M. Guro
Petsa: Hulyo 28, 2024

**Unang Bahagi ng Khutbah:**

إِنَّ الحَمْدَ لِلَّهِ نَحْمَدُهُ وَنَسْتَعِينُهُ وَنَسْتَغْفِرُهُ، وَنَعُوذُ بِاللَّهِ مِنْ شُرُورِ أَنْفُسِنَا، وَمِنْ سَيِّئَاتِ أَعْمَالِنَا، مَنْ يَهْدِهِ اللَّهُ فَلَا مُضِلَّ لَهُ، وَمَنْ يُضْلِلْ فَلَا هَادِيَ لَهُ، وَأَشْهَدُ أَنْ لَا إِلَهَ إِلَّا اللهُ، وَحْدَهُ لَا شَرِيكَ لَهُ، وَأَشْهَدُ أَنَّ مُحَمَّدًا عَبْدُهُ وَرَسُولُهُ، اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى نَبِيِّنَا مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ وَمَنْ تَبِعَهُمْ بِإِحْسَانٍ إِلَى يَوْمِ الدِّينِ، أَمَّا بَعْدُ:

﴿ يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا اتَّقُوا اللَّهَ حَقَّ تُقَاتِهِ وَلَا تَمُوتُنَّ إِلَّا وَأَنتُم مُّسْلِمُونَ ﴾ سورة آل عمران: 102
"O kayong mga naniwala, matakot kayo sa Allah nang tunay na pagkatakot, at huwag kayong mamatay maliban na kayo ay mga Muslim." (Surah Alo Imran: 102)

Mga alipin ng Allah, aking mga mahal na kapatid sa pananampalatayang Islam, tayo ay lubos na nagpapasalamat sa ating Dakilang Panginoon na si Allah – ang Makapangyarihan at Ganap na nakababatid sa lahat ng Kanyang mga nilikha. Hindi ipinanganak, hindi nagkaanak, at walang anumang maaaring ihambing sa Kanya sa kahit anong bagay na nakikita o hindi nakikita. Mapalad tayo mga kapatid sa pananampalatayang Islam sapagkat ginabayan tayo ni Allah upang makarating sa Bahay na ito ni Allah na kung saan marami sa ating mga kaibigan, kamag-anak, kapatid, at magulang ang nagnanais makarating sa lugar na ito upang magsagawa ng Salatul-Jumu'ah subalit hindi sila ginabayan ni Allah upang makarating dito. At tayo ay sumasaksi na si Propeta Muhammad (sallallahu 'alayhi wa sallam) ay alipin at huling sugo ni Allah bilang habag sa buong nilalang ni Allah Subhanahu wa Ta'ala.

Mga kapatid sa pananampalatayang Islam, ang nais kong iparating sa inyo na mga Salita ni Allah mula sa Kanyang Aklat – ang Qur-an – ay ang sinabi Niya sa Surah Al-Baqarah:

﴿ ذَٰلِكَ الْكِتَابُ لَا رَيْبَ ۛ فِيهِ ۛ هُدًى لِّلْمُتَّقِينَ (2) الَّذِينَ يُؤْمِنُونَ بِالْغَيْبِ وَيُقِيمُونَ الصَّلَاةَ وَمِمَّا رَزَقْنَاهُمْ يُنفِقُونَ (3) وَالَّذِينَ يُؤْمِنُونَ بِمَا أُنزِلَ إِلَيْكَ وَمَا أُنزِلَ مِن قَبْلِكَ وَبِالْآخِرَةِ هُمْ يُوقِنُونَ (4) أُولَٰئِكَ عَلَىٰ هُدًى مِّن رَّبِّهِمْ ۖ وَأُولَٰئِكَ هُمُ الْمُفْلِحُونَ (5) إِنَّ الَّذِينَ كَفَرُوا سَوَاءٌ

عَلَيْهِمْ أَأَنذَرْتَهُمْ أَمْ لَمْ تُنذِرْهُمْ لَا يُؤْمِنُونَ (6) خَتَمَ اللَّهُ عَلَىٰ قُلُوبِهِمْ وَعَلَىٰ سَمْعِهِمْ ۖ وَعَلَىٰ
أَبْصَارِهِمْ غِشَاوَةٌ ۖ وَلَهُمْ عَذَابٌ عَظِيمٌ (7) وَمِنَ النَّاسِ مَن يَقُولُ آمَنَّا بِاللَّهِ وَبِالْيَوْمِ الْآخِرِ وَمَا
هُم بِمُؤْمِنِينَ (8) يُخَادِعُونَ اللَّهَ وَالَّذِينَ آمَنُوا وَمَا يَخْدَعُونَ إِلَّا أَنفُسَهُمْ وَمَا يَشْعُرُونَ (9) فِي
قُلُوبِهِم مَّرَضٌ فَزَادَهُمُ اللَّهُ مَرَضًا ۖ وَلَهُمْ عَذَابٌ أَلِيمٌ بِمَا كَانُوا يَكْذِبُونَ (10) ﴾ سورة البقرة: 2-10

Ang mga Ayah na nabanggit ay lubhang napakahalaga sa bawat Muslim na dapat niyang itanim sa kanyang puso saan man siya naroroon. Sapagkat sa mga Ayah na ito ay binanggit ni Allah ang ilan sa mga katangian ng mga taong may takot kay Allah na dapat nating taglayin upang makamit ang tagumpay sa Mundo hanggang sa kabilang-buhay. Sa malapit nitong kahulugan:

**(2) "Ito ang Aklat (ang Qur-an) na walang alinlangan, dito ay matatagpuan ang patnubay para sa mga natatakot kay Allah."**

Ipinabatid sa atin ni Allah na ang Qur-an ay isang dakilang Aklat na nagmula sa Kanya upang magsilbing gabay sa lahat ng aspeto ng buhay ng taong may takot kay Allah, na kung kaya ang tanging makikinabang lamang ng patnubay nito ay yaong mga Al-Muttaqun (ang mga may takot kay Allah) na sumusunod sa Kanya. Kaya obligado sa isang Muslim na paniwalaan at tanggapin ang anumang nilalaman ng Qur-an bilang Salita ni Allah. Ito ang maggagabay sa kanya sa lahat ng kabutihan.

**(3) "Yaong mga naniniwala sa (Ghayb), nagsasagawa ng pagdarasal, at gumugugol mula sa anumang (panustos na) Aming ipinagkaloob sa kanila."**

Sila na mga naniniwala sa Al-Ghayb o mga bagay na hindi nakikita, hindi naaabot ng pangkaraniwang pakiramdam at kaisipan; kundi ito ay mababatid lamang sa pamamagitan ng mga Kapahayagan ni Allah na Kanyang ipinahayag sa Kanyang mga sugo gaya ng paniniwala sa mga Anghel, sa mga kaganapan sa kabilang-buhay, Paraiso, Impiyerno, at iba pang ipinahayag ni Allah o sa mga isinalaysay ng Kanyang sugo na si Propeta Muhammad (sallallahu 'alayhi wa sallam).

**(4) "At yaong mga naniniwala sa anumang ipinahayag (o ibinaba) sa iyo (O Muhammad) at sa anumang ipinahayag (sa mga sugong) nauna sa iyo, at sa kabilang-buhay, sila ay (naniniwala nang) may katiyakan (sa kanilang puso)."**

Sa talatang ito, binigyan ding diin ni Allah ang paniniwala sa Araw ng muling Pagkabuhay sapagkat ang paniniwala sa Araw na iyon ay kabilang sa mga mahahalagang bagay na nagtutulak sa mga tao upang sundin ang mga kautusan ni Allah at umiwas sa Kanyang mga ipinagbabawal; at palagiang suriin ang sarili sa pagsunod kay Allah.

**(5) "Sila yaong nasa patnubay mula sa kanilang Panginoon, at sila yaong mga matatagumpay."**

Yaong mga nagtataglay ng ganitong katangian ay nasa liwanag at gabay ni Allah na nagpatnubay sa kanila. Makakamit nila ang kanilang mga kahilingan at makaliligtas mula sa masidhing kaparusahan na kanilang tinatakasan; at sila ay magkakamit ng tagumpay.

**(6) "Katotohanan, yaong mga hindi naniniwala, ito ay walang kaibahan sa kanila kahit sila ay iyong paalalahanan o hindi paalalahanan, sila ay hindi maniniwala (sa kaisahan ni Allah at sa Kanyang sugo)."**

Sila ang mga taong takutin mo man o balaan (O Muhammad) hinggil sa kaparusahan sa kabilang-buhay o hindi kaya ay pabayaan mo nalang sila, kailanman ay hindi tatalab sa kanila ang pananampalataya nang dahil sa kanilang pagpupumilit sa kanilang kamalian at mga gawaing kasalanan kay Allah.

**(7) "Si Allah ay naglapat ng takip sa kanilang mga puso, at sa kanilang mga pandinig at paningin ay may isang kubli, at para sa kanila ay isang malaking parusa."**

Sila ang mga taong isinara ni Allah ang kanilang mga puso, pandinig, at paningin nang dahil sa kanilang katigasan ng puso, pagmamataas, at hindi pagsunod kay Allah matapos na maipaliwanag sa kanila ng sugo ni Allah ang katotohanan. Kaya sila ay nangaligaw ng landas at para sa kanila ang matinding kaparusahan sa kabilang-buhay.

**(8) "At mula sa sangkatauhan ay may (mga mapagkunwaring) nagsasabi: 'Kami ay naniniwala kay Allah at sa Huling Araw,' ngunit taliwas ito sa kanilang sinasabi sapagkat sila sa katotohanan ay hindi naniniwala.**

Batay sa talatang ito, ipinababatid sa atin ni Allah na kabilang din sa lipon ng mga tao ang grupo na nagdududa at hindi alam kung sila ba ay papanig sa mga mananampalataya o sa mga hindi mananampalataya. Sila yaong mga Munafiq na nagkukunwaring naniniwala kay Allah subalit taliwas ito sa nilalaman ng kanilang mga puso.

**(9) “Sila ay nag-aakala na kanilang malilinlang si Allah at yaong mga naniniwala. Subalit wala silang malilinlang maliban sa kanilang mga sarili at ito ay hindi nila namamalayan.”**

Ito ang dulot ng kanilang kamangmangan sa kanilang pag-aakala na sa pamamagitan ng kanilang pagkukunwari ay kanilang malilinlang si Allah at ang mga mananampalataya. Bagkus nililinlang lamang nila ang kanilang mga sarili subalit hindi nila ito namamalayan.

**(10) “Sa kanilang mga puso ay sakit (ng pag-aalinlangan at pagkukunwari) at dinagdagan pa ni Allah ang kanilang sakit. At para sa kanila ay isang mahapding parusa nang dahil sa kanilang (patuloy at nakagawiang) pagsisinungaling.”**

Ang kanilang mga puso ay puno ng pagkukunwari at pagdududa na sumisira sa kanilang mga sarili. Ito ay isang sakit na ang kabayaran sa kabilang-buhay ay matinding kaparusahan mula kay Allah.

Mga kapatid sa pananampalatayang Islam, upang makamit natin ang gabay ni Allah, matakot tayo kay Allah saan man tayo naroroon at lumayo sa anumang bagay na hindi makapagdudulot sa atin ng kabutihan, at ang dapat nating pagtuunan ng pansin at paglaanan ng ating mga oras ay ang mga bagay na kapakipakinabang sa atin lalo na sa ating pananampalataya gaya ng pagsasaliksik ng kaalaman at mga gawaing kalugod-lugod kay Allah. Sinabi ng ating mahal na Propeta (sallallahu ‘alayhi wa sallam) sa isang Hadith na isinalaysay ni Abu Hurayrah (radhiyallahu ‘anhu):

من حُسنِ إسلامِ المرءِ تركُه ما لا يَعنيهِ. (أخرجه الترمذي وابن ماجه)

“Kasama sa kabutihan ng isang mabuting Muslim ang pag-iwan (o paglayo) niya sa mga bagay na hindi makabubuti sa kanya.” (Inulat nina At-Tirmidhi at Ibn Majah)

Patatagin nawa tayo ni Allah sa ating relihiyon at ilayo tayo sa mga bagay na walang kapakinabangan sa ating buhay at pananampalataya, at ibilang nawa Niya tayo sa mga taong tunay at tapat sa kanilang pananampalataya kay Allah hanggang sa dumating sa atin ang kamatayan na kinalulugdan ni Allah. Allahumma ameen.

أَقُولُ قَوْلِي هَذَا وَأَسْتَغْفِرُ اللهَ لِي وَلَكُمْ وَلِسَائِرِ المُسْلِمِينَ مِنْ كُلِّ ذَنْبٍ، فَاسْتَغْفِرُوهُ إِنَّهُ هُوَ الغَفُورُ الرَّحِيمُ.

**Ikalawang Bahagi ng Khutbah:**

الحَمْدُ لِلّهِ رَبِّ العَالَمِينَ وَبِهِ نَسْتَعِين، وَالصَّلَاةُ وَالسَّلَامُ عَلَى رَسُولِ اللهِ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ أَجْمَعِين، وَبَعْد:

عِبَادَ اللهِ، إِنَّ اللهَ وَمَلَائِكَتَهُ يُصَلُّونَ عَلَى النَّبِيّ، يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا صَلُّوا عَلَيْهِ وَسَلِّمُوا تَسْلِيمًا، اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ كَمَا صَلَّيْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ، وَبَارِكْ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ كَمَا بَارَكْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ فِي العَالَمِينَ إِنَّكَ حَمِيدٌ مَجِيدٌ.

اللَّهُمَّ إِنَّكَ عَفُوٌّ تُحِبُّ العَفْوَ فَاعْفُ عَنَّا.
اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَنَا وَلِوَالِدِينَا وَلِعُلَمَائِنَا وَمَشَايِخِنَا وَمَنْ أَوْصَانَا وَاسْتَوْصَانَا بِدُعَاءِ الخَيْرِ وَلِمَنْ لَهُ حَقٌّ عَلَيْنَا.
اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَنَا وَارْحَمْنَا وَاعْتِقْ رِقَابَنَا مِنَ النَّارِ.
اللَّهُمَّ اغْفِرْ لِجَمِيعِ مَوْتَى المُسْلِمِينَ الَّذِينَ شَهِدُوا لَكَ بِالوَحْدَانِيَّةِ وَلِنَبِيِّكَ بِالرِّسَالَةِ وَمَاتُوا عَلَى ذَلِكَ، اللَّهُمَّ اغْفِرْلَهُمْ وَارْحَمْهُمْ وَعَافِهِمْ وَاعْفُ عَنْهُمْ.
اللَّهُمَّ أَصْلِحْ لَنَا دِينَنَا الَّذِي هُوَ عِصْمَةُ أَمْرِنَا، وَأَصْلِحْ لَنَا دُنْيَانَا الَّتِي فِيهَا مَعَاشُنَا، وَأَصْلِحْ لَنَا آخِرَتَنَا الَّتِي إِلَيْهَا مَعَادُنَا، وَاجْعَلِ الحَيَاةَ زِيَادَةً لَنَا فِي كُلِّ خَيْرٍ، وَاجْعَلِ المَوْتَ رَاحَةً لَنَا مِنْ كُلِّ شَرٍّ.
اللَّهُمَّ انْصُرِ الإِسْلَامَ وَالمُسْلِمِينَ، وَأَذِلَّ الشِّرْكَ وَالمُشْرِكِينَ وَالمُنَافِقِينَ، وَدَمِّرْ أَعْدَاءَكَ أَعْدَاءَ الدِّينِ.
رَبَّنَا آتِنَا فِي الدُّنْيَا حَسَنَةً وَفِي الآخِرَةِ حَسَنَةً وَقِنَا عَذَابَ النَّارِ.
وَصَلَّى اللهُ عَلَى نَبِيِّنَا مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ أَجْمَعِينَ... وَالحَمْدُ لِلَّهِ رَبِّ العَالَمِينَ.

عِبَادَ اللهِ، إِنَّ اللَّهَ يَأْمُرُ بِالْعَدْلِ وَالْإِحْسَانِ وَإِيتَاءِ ذِي الْقُرْبَىٰ وَيَنْهَىٰ عَنِ الْفَحْشَاءِ وَالْمُنكَرِ وَالْبَغْيِ يَعِظُكُمْ لَعَلَّكُمْ تَذَكَّرُونَ، فَاذْكُرُوا اللهَ العَظِيمَ يَذْكُرْكُمْ وَاشْكُرُوهُ عَلَى نِعَمِهِ يَزِدْكُمْ، وَلَذِكْرُ اللهِ أَكْبَرُ، وَاللهُ يَعْلَمُ مَا تَصْنَعُونَ.

***